RESURRECTION OF OUR LORD PARISH
39 Basa St., Brgy. Paltok, SFDM, Quezon City
374-2390 rolppaltok.parish75@gmail.com
www.facebook.com/rolpbrgypaltok twitter.com/rolppaltok

# PANALANGIN SA PAGDALAW SA PUNTOD

*Ang Ritung ito ay maaring gamitin sa pagdalaw sa puntod ng pamilya o kaibigan. Ang buwan ng Nobyembre, lalo na ang Araw ng mga Santo at Araw ng mga Banal, ay nakagawiang panahon ng pagdalaw sa libingan, gayun din ang anibersaryo ng pagkamatay.*

## PASIMULA

**Namumuno: Sa ngalan ng Ama, at ng Anak, + at ng Espiritu Santo.**
Bayan: Amen.

**Namumuno: Purihin ang Diyos na bumuhay na muli kay Hesukristo.**
Bayan: Purihin at ipagdangal ang Diyos magpakailanman.

## PAGBASA NG SALITA NG DIYOS

Pagbasa mula sa ikalawang sulat ni Apostol San Pablo sa mga taga-Corinto (2 Corinto 5:1-5)

Talos natin na kapag nasira ang toldang tinatahanan natin ngayon, ang ating katawang-lupa, tayo'y may tahanan sa langit, hindi nasisira, isang tahanang ginawa ng Diyos, hindi ng tao. Dumaraing nga tayo sa tirahan nating ito at labis nating pinanabikan ang tahanang panlangit upang kung maibsan na tayo nito, hindi tayo matatagpuang hubad. Habang tayo'y nakatira pa sa toldang ito - sa katawang-lupa - tayo'y namimighati't dumaraing, hindi upang mawala ang katawang panlupa kundi upang mapalitan ng katawang panlangit. At sa gayon, ang buhay nating may katapusan ay mapapalitan ng buhay na walang hanggan. Ang Diyos na rin ang nagtalaga sa atin para sa pagbabagong ito at ipinagkaloob niya sa atin ang Espiritu bilang katunayan na babaguhin niya tayo.

Ang Salita ng Diyos.

Bayan: Salamat sa Diyos.

## PAGNINILAY AT MAIKLING PALIWANAG

## PAGLUHOG

**Namumuno: Kinikilala natin si Kristong Panginoon na siyang ating inaasahan upang ang ating marupok na katawa'y matulad sa kanya sa kaluwalhatian. Ating wikain:**

Bayan: **Panginoon, ikaw ang aming buhay at muling pagkabuhay.**

**O Kristong Anak ng Diyos, na bumuhay kay Lazaro na iyong kaibigan, mula sa mga patay: buhayin at luwalhatiin ang mga yumao na iyong tinubos sa pamamagitan ng iyong dugong banal.** Tugon.

**O Kristong tagapag-aliw sa mga nagdadalamhati, pinahiran mo ang mga luha ng angkan ni Lazaro: aliwin ang nagdadalamhati dahil sa mga yumao.** Tugon.

**O Kristong Tagapagligtas, wasakin ang paghahari ng kasalanan sa aming katawang makasanlibutan upang matamo namin sa pamamagitan mo ang walang hanggang buhay.** Tugon.

**O Kristong Manunubos, tunghayan ang mga walang pag- asa dahil hindi ka nakikilala. Makatatanggap nawa sila ng pananampalataya sa muling pagkabuhay at sa buhay na walang hanggang buhay.** Tugon.

**Ipinahayag mo ang iyong sarili sa isang taong bulag na humuhingi sa iyo ng liwanag para sa kanyang mga mata. Ipakita ang iyong mukha sa mga namatay na pinagkaitan ng iyong liwanag.** Tugon.

**Kapag dumaiing na ang panahong maglaho na ang aming pansamantalang tirahan sa sanlibutan, bigyan kami ng isang tahanang di tulad ng gawa sa lupa, kundi tirahang walang hanggan doon sa kalangitan.** Tugon.

**Pari: Manalangin tayo bilang isang angkan ng Diyos kay Hesukristo na ating Panginoon.**

Bayan: Ama Namin...

## PANALANGIN NG PAGBABASBAS

Namumuno: Panginoong naming Diyos na walang katapusan, ang habag mo ay walang hanggan. Lagi mong ipaalaala sa amin na maikli ang buhay at ang oras ng kamatayan ay lingid sa aming kabatiran. Gabayan sana ng iyong Banal na Espiritu ang mga araw namin sa mundong ito upang lagi naming tahakin ang daan ng kabanalan at katarungan. Kaisa ng iyong simbahan, mapaglingkuran ka sana namin sa matinding pananampalataya, matatag na pag-asa at sa pag-ibig na ganap. At sa pagwawakas ng aming paglalakbay sa daigdig na ito,akayin mo kami nang may galak patungo sa iyong kaharian, kung saan ka nabubuhay magpakailanman.

Bayan: Amen.

*(dito maaaring wisikan ng Holy Water ang puntod.)*

**Namumuno: Pagkalooban mo sila ng kapayapaang walang hanggan.**
Bayan: Silayan mo sila ng liwanag na walang katapusan.

**Namumuno: Mapanatag sila sa kapayapaan.**
Bayan: Amen.

**Namumuno: Kahabagan ng Diyos ang kanilang kaluluwa at ng lahat ng mga mananampalataya, at mapanatag sila sa kapayapaan.**
Bayan: Amen.

*Ang lahat ay mag-aantanda sa pagwawakas ng Namumuno.*

**Namumuno: Sa kapayapaaan ng Diyos, + atin sanang matanto ang dakilang pag-ibig niya at ng kanyang Anak na ating Panginoon Hesukristo.**

Bayan: Amen.

*Maaring isunod ang pagdarasal ng Rosaryo.*

Resurrection of Our Lord Parish

39 Basa St., Brgy. Paltok, SFDM, Quezon City
374-2390 rolppaltok.parish75@gmail.com
www.facebook.com/rolpbrgypaltok twitter.com/rolppaltok

# ORDER FOR VISITING THE CEMETERY

*This order is a solemn commemoration of the departed whose bodies lie in a cemetery or columbary.*

## GREETING

**Leader: Praise be God our Father, who raised Jesus from the dead. Blessed be God for ever.**

All respond: Blessed be God for ever.

**Leader: My dear friends, we gather today to pray for our brothers and sisters whose bodies lie here in rest. They have passed from death to life in company with the Lord Jesus, who died and rose to new life, and are purified now of their faults. We pray that God may welcome them among all the saints of heaven.**

## READING OF THE WORD OF GOD

Brothers and sisters, listen to the words of the first letter of Paul to the Thessalonians.

We do not want you to be unaware, brothers and sisters, about those who have fallen asleep, so that you may not grieve like the rest, who have no hope. For if we believe that Jesus died and rose, so too will God, through Jesus, bring with him those who have fallen asleep. Indeed, we tell you this, on the word of the Lord, that we who are alive, who are left until the coming of the Lord, will surely not precede those who have fallen asleep. For the Lord himself, with a word of command, with the voice of an archangel and with the trumpet of God, will come down from heaven, and the dead in Christ will rise first. Then we who are alive, who are left, will be caught up together with them in the clouds to meet the Lord in the air. Thus we shall always be with the Lord. Therefore, console one another with these words.

## PSALM

**(R) TO YOU, O LORD, I LIFT UP MY SOUL.**

**In you I trust; let me not be put to shame, let not my enemies exult over me. No one who waits for you shall be put to shame; those shall be put to shame who heedlessly break faith. (R)**

**Your ways, O Lord, make known to me; teach me your paths, guide me in your truth and teach me, for you are God my savior, and for you I wait all the day. (R)**

**Remember that your compassion, O Lord, and your kindness are from of old. The sins of my youth and my frailties remember not; In your kindness remember me, because of your goodness, O Lord. (R)**

**Good and upright is the Lord; thus he shows sinners the way. He guides the humble to justice, he teaches the humble his way. (R)**

**All the paths of the Lord are kindness and constancy toward those who keep his covenant and his decrees. For your name's sake, O Lord, you will pardon my guild, great as it is. (R)**

## LITANY

*Here, the leader sprinkles the graves with holy water.*

| | |
|---|---|
| **Lord, have mercy** | *Lord, have mercy* |
| **Christ, have mercy** | *Christ, have mercy* |
| **Lord, have mercy** | *Lord, have mercy* |
| **Holy Mary, Mother of God** | pray for them |
| **Saint Michael** | pray for them |
| **Saint John the Baptist** | pray for them |
| **Saint Joseph** | pray for them |
| **Saint Peter and Saint Paul** | pray for them |
| **Saint Andrew** | pray for them |
| **Saint Stephen** | pray for them |
| **Saint Ann** | pray for them |
| **Saint Teresa** | pray for them |
| **Saint Lorenzo Ruiz** | pray for them |
| **Saint Pedro Calungsod** | pray for them |
| **Saint John Paul II** | pray for them |
| **Saint Mother Teresa of Calcutta** | pray for them |
| **All holy men and women** | pray for them |
| **Christ, pardon all their faults** | Lord, hear our prayer |
| **Christ, remember the good they have done** | Lord, hear our prayer |
| **Christ, receive them into eternal life** | Lord, hear our prayer |
| **Christ, comfort all those who mourn** | Lord, hear our prayer |
| **Lord, have mercy** | Lord, have mercy |
| **Christ, have mercy** | Christ, have mercy |
| **Lord, have mercy** | Lord, have mercy |

## LORD'S PRAYER

**Leader: With Christ there is mercy and fullness of redemption; let us pray as Jesus taught us:**

Our Father….

## PRAYER

**Leader: Almighty God and Father, it is our certain faith that your Son, who died on the cross, was raised from the dead, the first fruits of all who have fallen asleep. Grant that through this mystery your servant(s) N. (and N.), who has gone to his/her/their rest in Christ, may share in the joy of his resurrection.**
**We ask this through Christ our Lord.**
All respond: Amen.

## CONCLUDING RITE

**Leader: Eternal rest grant unto them, O Lord.**
All respond: And let perpetual light shine upon them.

**Leader: May they rest in peace.**
All respond: Amen.

**Leader: May their souls and the souls of the faithful departed, Through the mercy of God, rest in peace.**
All respond: Amen.

*All make the sign of the cross. The praying of the Rosary may follow.*